Ano ang mga katangian ng Lumikha, at bakit Siya tinatawag na Diyos?

Ginagamit ng mga Kristiyano, Hudyo, at Muslim sa Gitnang Silangan ang salitang "Allah" bilang pagtukoy sa Diyos, at ito ay nangangahulugang ang nag-iisang tunay na Diyos, Diyos ni Moises at Hesus. Ipinakilala ng Lumikha ang Kanyang sarili sa Quran bilang "Allah" at iba pang mga pangalan at katangian. Ang salitang "Allah" ay nabanggit sa lumang bersyon ng Lumang Tipan ng 89 na beses.

At ang mga katangian ng Allah na nabanggit sa Quran ay: Ang Lumikha.

Siya ang Allah, ang Lumikha, ang Tagapag-anyo, ang Tagapagbigay-hugis. Siya ang may pinakamarilag na mga pangalan. Nagpupuri sa Kanya ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Siya ang Makapangyarihan, ang Marunong [Surah Al-Hashr: 24].

Siya ang Una, na walang nauna sa Kanya, at ang Huli, na walang kasunod sa Kanya: "Siya ang Una at ang Huli, ang Nakikita at ang Hindi Nakikita. At Siya ay may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay [Surah Al-Hadid: 3]."

Ang Tagapamahala ng lahat: "Inaayos Niya ang lahat ng bagay mula sa langit hanggang sa lupa [Surah As-Sajda: 5]."

Ang Maalam at Makapangyarihan: "Tunay na Siya ay Maalam at Makapangyarihan [Surah Fatir: 44]."

Walang kaparis sa Kanyang mga nilalang: "Walang anuman ang makakaparis sa Kanya, at Siya ang Nakakarinig at Nakakakita [Surah Ash-Shura: 11]."

Wala Siyang kasama at wala Siyang anak: "Sabihin mo, Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Allah, ang Walang Hangganang Sandigan. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. At wala Siyang katulad [Surah Al-Ikhlas: 1-4]."

Ang Marunong: "At ang Allah ay Maalam at Marunong [Surah An-Nisa: 111]."

Ang Makatarungan: "At ang iyong Panginoon ay hindi nagmamalupit sa kanino man [Surah Al-Kahf: 49]."